
2

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Clay Human Figure



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Clay Human Figure**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**BUMUO SA PAGSUSULAT NG MODYUL**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Marvin R. Leaño |
| | Teodora J. Mendoza |
| **Editor:** | Ramon J. De Leon, PhD |
| **Tagasuri:** | Charina S. Sogue |
| | Engelbert B. Agunday, EdD |
| **Tagaguhit:** | Marvin R. Leaňo |
| | Lovely Rose P. Agunos |
| **Tagalapat:** | Marvin R. Leaňo |
| | Teodora J. Mendoza |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio, PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas, EdD |
| | Nestor N. Nuesca, EdD |
| | Priscilla D. Sanchez, PhD |
| | Ever M. Samson |
| | Josephine S. Tabangay |

**Inilimbag sa Rebublika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Clay Human Figure

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Sining ng Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Clay Human Figure!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Sining ng Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Clay Human Figure!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain  na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!





## Alamin

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang makagagawa ng clay human figure na may balanse at nakatatayo. (A2PR-IVh)



## *Subukin*

Panuto: Piliin sa Hanay B ang larawan ng bagay na tinutukoy sa Hanay A na maaaring gamitin sa paggawa ng clay human figures. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. Clay | a.  |
| 2. Kawad | b.  |
| 3. Aluminum foil | c.  |
| 4. Tray | d.  |
| 5. wire cutter | e.  |

| Aralin 1 | Clay Human Figure |
|---|---|

Upang matutuhan ang mga paraan sa paggawa ng clay human figure gamit ang mga bagay na nagbibigay hugis at balanse, subukin at pag-aralan ang mga gawain sa modyul na ito.

## *Balikan*

Panuto: Iayos ang mga hakbang sa paggawa ng paper mache. Ilagay ang sagot sa hiawalay na sagutang papel.

A. Patuyuin ito sa araw sa loob ng dalawang araw.

B. Lumikha ng nais na hugis gamit ang kawad o kawayan.

C. Ihanda ang mga materyales sa paggawa ng paper mache.

D. Hatiin ang papel at idikit sa anyong hayop.


E. Kulayan ang ginawa gamit ang kulay na gusto mo.

# Tuklasin

Basahin ang maikling kwento.

**Si Luis Malikhain**

ni Marvin R. Leaňo



Si Luis ay may kakaibang husay pagdating sa paglikha ng iba't ibang bagay. Naiisip niya ang mga disenyong katangi-tangi sa lahat. Ang mga proyekto niya mula sa clay ay nabubuo nang walang kahirap-hirap sa gabay ng mga magulang.

Ilan sa mga ito ay paggawa ng mga hugis tao na may balanse at nakatatayo. Magugulat ka na lamang sa kanya dahil natatapos niya sa maikling panahon ng pag-iisip at paghuhulma.

Hilig niya ang maghanap ng mga sobrang kawad ng kanyang tatay Luisito. Kasama na rito ang panghihingi ng putol-putol na clay sa kanyang bunsong kapatid na si Luke at ang aluminum foil na gamit ng kanyang Nanay Celia sa pagluluto upang makumpleto ang mga kagamitan niya sa paggawa ng modelong tao.

Iyan si Luis, madiskarte at malikhain, mga dinsenyong gawa sa clay ay kayang-kaya.

## Suriin

Ano ang mga kagamitan sa paggawa ng clay human figure? Paano ito makatatayo?


Sa paggawa ng proyektong ito, kinakailangan ng mga kagamitan tulad ng tray, clay, kawad, aluminum foil at wire cutter. Makatatayo ang isang clay human figure kung ito ay magkakaroon ng hugis at balanse.

## Pagyamanin


### Gawain 1

Panuto: Pilin sa loob ng kahon ang pangalan ng kagamitang makikita sa larawan upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| wire cutter | kawad | clay |
| tray | aluminum foil | |




1. Kumuha si Berto ng_________ upang ilagay sa balangkas ng modelo.




2. Si Mina ay gumamit ng _____________ upang balutan ang kawad at aluminum foil.



3. Humanap si Luisa ng _____________ upang makabuo ng hugis tao bilang balangkas.




4. Si Benny ay humiram ng ___________ upang putulin ang kawad.



5. Si Tony ay naghanap ng ____________ bilang lalagyan ng mga kagamitan.

## Gawain 2


Panuto: Isulat ang titik A hanggang E upang mapagsunod-sunod ang mga panuto sa paggawa ng clay human figure. Ilagay ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.




1. Gumawa ng balangkas gamit ang kawad.




2. Balutan ang kawad at aluminum foil ng clay.



3. Bumuo ng hugis bilog gamit ang aluminum foil bilang suporta sa kawad.




4. Ihanda ang mga kagamitan.



5. Putulin ang kawad sa paggawa ng balangkas

## Gawain 3

Panuto: Isulat kung tama o mali ang isinasaad ng pangungusap sa paggawa ng clay human figure. Ilagay ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

1. Ang clay ay maaring gamitin upang makalikha ng mga bagay tulad ng clay human figure.
2. Kahoy ang magandang gawing balangkas ng clay human figure.
3. Aluminum foil ang ginagamit bilang suporta sa malalaking bahagi ng clay human figure.
4. Ang kutsilyo ay angkop gamitin upang putulin ang kawad.
5. Kinakailangan na may balanse at nakatatayo ang isang clay human figure.




## *Isaisip*

Paano makabubuo ng clay human fiugre?

Makabubuo ng clay human figure sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay na nakapagbibigay ng hugis at balanse upang ito ay makatayo.

# *Isagawa*


Panuto: Iguhit ang tatsulok △ kung ang larawan ay nagpapakita ng hakbang sa pagbuo ng clay human figure at parisukat □ kung hindi. Ilagay ang sagot sa hiawalay na sagutang papel.

1. 

Paggawa ng balangkas na hugis tao

2. 

Pagpunit ng dyaryo

3. 


Paglalagay ng clay sa balangkas

4. 

Paggawa ng balangkas na hayop gamit ang dyaryo

5. 

Pagputol ng kawad

## Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing kagamitan sa paggawa ng clay human figure?
   a. lata b. clay
   c. kahon d. kahoy

2. Ano ang dapat gawin upang makatayo ang clay human figure?
   a. Gumamit ng mga bagay na magbibigay ng hugis at balanse.
   b. Gumamit ng mga bagay na magbibigay kapal.
   c. Gumamit ng mga bagay na magbibigay bigat.
   d. Gumamit ng mga bagay na magbibigay disenyo.

3. Ito ay ginagamit upang makabuo ng balangkas ng clay human figure.
   a. kahoy b. dyaryo
   c. kahon d. kawad

4. Ito ay ginagamit bilang suporta sa malalaking bahagi ng modelo tulad ng ulo, katawan, kamay at paa?
   a. papel b. plastik
   c. aluminum foil d. tansan

5. Ito ay ginagamit pamutol ng kawad sa paggawa ng balangkas ng clay human figure?

a. wire cutter	b. aluminum foil

c. tali	d. clay

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Tukuyin kung anong paraan ang ipinakikita ng larawan sa paggawa ng clay human figure. Isulat ang titik ng tamang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

a. Paghahanda ng kagamitan

b. Pagputol ng kawad

c. Paggawa ng balangkas

d. Pagbuo ng bilog gamit ang aluminum foil


e. Paglalagay ng clay sa balangkas

1. 

2. 

3. 

4. 


5 

# Aralin 2 Paggawa ng Clay Human Figure

Ang pagiging malikhain ay naipakikita sa lahat ng pagkakataon. Ang katangiang ito ay maaaring makapagbigay ng lunas sa biglaang suliranin. Bilang bata, halina't alamin natin kung paano makatutulong ang pagiging malikhain. Gamit ang clay, may magagawa at maitutulong ka.

## *Balikan*

Panuto: Kumpletuhin ang organizer. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.



## Tuklasin

Basahin ang kuwento.

Ang Bago kong Manika
ni Teodora J. Mendoza



"Waaaaahh!!!" Malakas na iyak ng kapatid ang gumising kay Ann. Iyak iyon ni Josette, ang nakababata niyang kapatid. Dali-dali siyang lumabas upang alamin ang dahilan ng pag-iyak ng kapatid.


Nadatnan niya si Josette na nakaupo sa sahig. Nasira pala ang manika niya kaya umiiyak. "Paano ko kaya patatahanin ang aking kapatid?", bulong ni Ann sa sarili.






Kumuha siya ng wire cutter, clay, aluminum foil, kawad at ang nasirang manika ni Josette. Nanghingi siya ng tulong sa kanyang kuya upang putulin ang kawad. Sinimulan niyang gawin ang clay human figure na itutulad niya sa manika ng kanyang kapatid.


Narito ang mga hakbang na sinunod ni Ann sa paggawa ng clay human figure:











Una, kumuha siya ng mga kagamitan, clay, aluminium foil at kawad.



Ikalawa, gumawa siya ng balangkas gamit ang kawad.



Ikatlo, gumawa ng ulo, kamay, paa at katawan gamit ang aluminium foil at binalutan na ang balangkas.



Pang-apat, Nilagyan ng clay ang naipormang balanseng balangkas.



Panghuli, nilagyan ng sapatos, damit, buhok at bahagi ng mukha gamit ang mga akmang kulay ng clay.




Tuwang-tuwa ang nanay nila. Tumahan na si Josette. Nagkaroon na siya ng bago pero dati ring itsura ng manika niya. Iniligpit naman ni Ann ang lahat ng kanyang ginamit sa paggawa.



## Suriin

Mga Dapat Tandaan:

- Gumagamit tayo ng clay, kawad o alambre at aluminum foil sa paggawa ng clay human figure.
- Balanse ang bawat bahagi nito.
- Dapat ay nasunod nang wasto at buong ingat ang mga hakbang sa paggawa.
- Panatilihin ang kalinisan pagkatapos ng gawain.




## Pagyamanin

Panuto: Sagutin nang tama o mali. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

1. Kailangan ko ang gabay ng nakatatanda sa paggawa ng clay human figure.
2. Gagawin ko na lang mag-isa ang aking proyekto.

3. Puputulin kong mag-isa ang kawad.
4. Lilinisin ko ang lahat ng aking kalat pagkatapos ng aking gawain.
5. Susundin kong mabuti ang mga hakbang sa paggawa ng proyekto.



## *Isaisip*

Panuto: Isulat ang salitang akma sa katangiang dapat isaisip sa paglikha ng clay human figure. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| lalagyan | tulong | malikhain |
| Balanse | | malinis |

1. Humingi ng __________ o gabay sa nakatatanda kung hindi kaya ang isang gawain.
2. Pagkatapos gumawa, ang mga kagamitan ay dapat ibalik sa tamang _______________.
3. _____________ ang likhang sining kung ito ay nakatatayong mag-isa.
4. Pagkatapos gumawa, panatilihing ______________ ang lugar sa pamamagitan ng pagwawalis at pagtapon ng mga basura.
5. Nasasanay tayo sa pagiging kung gumagawa tayo ng clay human figure.

## Isagawa

Panuto: Gumawa ka ng isang clay human figure. Isaalang-alang lagi ang paghingi ng tulong sa nakatatanda kung kailangan. Pagkatapos ay isulat mo sa hiwalay na sagutang papel ang bilang sa rubriks upang mataya ang kakayahan sa bawat hakbang.

Unang Hakbang- Kumuha ng mga kagamitan

| | |
|---|---|
| 5 | Kumpleto ang aking kagamitan.<br>(clay, aluminum foil, kawad, tray, wire cutter) |
| 4 | Apat lamang ang aking kagamitan |
| 3 | Tatlo lamang ang aking kagamitan. |
| 2 | Dalawa lamang ang aking kagamitan |
| 1 | Wala akong kagamitan |

Pangalawang Hakbang: Iporma ang kawad sa hugis tao.

| | |
|---|---|
| 5 | Kumpleto ang mga bahagi.<br>(ulo, katawan, kamay at paa) |
| 4 | Tatlo lamang ang aking naiporma. |
| 3 | Dalawa  lamang ang aking naiporma. |
| 2 | Isa lamang ang aking naiporma. |
| 1 | Wala akong naiporma. |

Pangatlong Hakbang- Balutan ng aluminum foil ang naipormang kawad.

| | |
|---|---|
| 5 | Nabalutan ko ang lahat ng bahagi.<br>(ulo, katawan, kamay at paa) |
| 4 | Tatlong bahagi lamang ang aking nabalutan. |
| 3 | Dalawang bahagi lamang ang aking nabalutan. |
| 2 | Isang bahagi lamang ang aking nabalutan. |
| 1 | Wala akong nabalutan. |

Pang-apat na Hakbang- Lagyan na ng clay ang naipormang balangkas. Isaisip lagi ang balanseng bahagi ng katawan nito.

| | |
|---|---|
| 5 | Nalagyan ko ang lahat ng bahagi.<br>(ulo, katawan, kamay at paa)<br>Balanse ang magkabilang bahagi |
| 4 | Tatlong bahagi lamang ang aking nalagyan.<br>Hindi gaanong balanse ang aking likhang sining. |
| 3 | Dalawang bahagi lamang ang aking nalagyan.<br>Hindi balanse ang aking likhang sining. |
| 2 | Isang bahagi lamang ang aking nalagyan. |
| 1 | Wala akong nalagyan. |

Ikalimang Hakbang- Lagyan ng damit, sapatos, buhok at bahagi ng mukha gamit ang iba-ibang kulay ng clay.

| | |
|---|---|
| 5 | Kumpleto ang lahat ng bahagi ng aking likha.<br>Nalagyan ng damit at sapatos. |
| 4 | Mukha at paa lamang ang naidisenyo.<br>Damit at sapatos lamang ang nailagay. |
| 3 | Mukha lamang ang naidisenyo.<br>Damit lamang ang nailagay. |
| 2 | Mukha lamang ang naidisenyo. |
| 1 | Wala akong naidisenyo. |



## *Tayahin*

Panuto: Lagyan ng ☑ ang mga pamantayan sa paggawa ng clay human figure. Opo, kung ito ay nasunod at hindi po kung hindi nasunod. Isulat sa hiwalay na sagutang papel ang sagot.

| Mga Pamantayan | Opo | Hindi po |
|---|---|---|
| 1. Gumamit ako ng kumpletong kagamitan. | | |
| 2. Sinunod ko nang wasto ang mga hakbang sa paggawa. | | |
| 3. Gumamit ako ng kawad at aluminum foil bilang balangkas. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Balanse ang bawat bahagi ng aking likhang sining. | | |
| 5. Nakatayong mag-isa ang aking proyekto | | |
| 6. Ibinalik ko sa tamang lalagyan ang mga kagamitan. | | |
| 7. Nilinis ko ang lugar na aking pinaggawaan. | | |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

1. May nakita kang mga kawad sa garahe ng inyong bahay. Ano ang gagawin mo?
   a. itatapon ko sa basurahan
   b. susunugin ko
   c. sisinupin ko upang magamit sa susunod na proyekto
   d. wala sa nabanggit

2. Kumain ka ng pagkaing nakabalot sa aluminum foil. Ano ang maaari mong gawin sa aluminum foil?
   a. susunugin kaagad
   b. isasama sa basurahan
   c. itatapon sa gilid ng bahay
   d. lilinisin at itago para may magamit sa proyekto

3. Ano ang dapat mong tandaan pagkatapos ng iyong gawain?
   a. Tatawagin ko si ate at sasabihin kong inaantok pa ako.
   b. Lilinisin ko ang aking pinaggawaan.
   c. Iiwan ko na lang kay nanay ang mga ligpitin.
   d. Ilalagay ko sa ilalim ng mesa ang mga kalat.

4. Kung magkakaroon ka ng iba pang proyekto, ano ang dapat mong tandaan?
   a. ang mga kulay
   b. ang mga hugis
   c. tatapusin ko kaagad kahit di ko alam ang mga hakbang
   d. susundin ko ang mga hakbang at magpapagabay ako para maingatan ko ang aking sarili

5. Kung gagamitin mong muli ang mga patapong bagay sa inyong tahanan, ano ang maitutulong mo sa iyong pamilya at kapaligiran?
   a. mababawasan ang mga basura
   b. makatitipid sa gastos
   c. masasanay ang lahat sa pagiging malikhain
   d. lahat ay tama

# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

**Subukin**

1. b
2. c
3. d
4. e
5. a

**Balikan**

1. d
2. b
3. a
4. c
5. e

**Gawain 1**

1. aluminum Foil
2. clay
3. kawad
4. wire Cutter
5. trau

**Gawain 2**

1. c
2. e
3. d
4. a
5. b

**Gawain 3**

1. tama
2. mali
3. tama
4. mali
5. tama

**Isagawa**

1. △
2. □
3. △
4. □
5. △

**Tayahin**

1. b
2. a
3. d
4. c
5. a

**Karagdagang Gawain**

1. b
2. d
3. a
4. c
5. e

## Aralin 2

**Balikan (in any order)**

6. Aluminum foil
7. clay
8. Kawad o alambre
9. Wire cutter
10. tray

**Pagyamanin**

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Isaisip**

1. tulong
2. lalagyan
3. Balanse
4. malinis
5. malikhain

**Karagdagang Gawain**

1. C
2. D
3. B
4. D
5. D

# *Sanggunian*


Department of Education. 2013. K to 12 Health Curriculum Guide. Unang Edisyon. Pasig City. Acessed aate July 10, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/ uploads/2019/01/Health-CG_with-tagged-math-equipment.pdf

Department of Education. 2020. Most Essential Learning | Search Results | Department of Education. deped.gov.ph. Acessed date July 31, 2020. https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Oabel, Edna C., et al. 2013. Music, Art, Physical Education and Health-Ikalawang Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral. Pasig City. DepEd-IMCS

Oabel, Edna C., et al. 2013. Music, Art, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang, Patnubay ng Guro. Pasig City. DepEd-IMCS.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph